File

1-12

Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG ENERO 4,2019 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:** Wala

x-----------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 19-01-001

**KAPASYAHANG PAGPAPAHAYAG NG PAGBATI AT SUPORTA SA MGA BAGONG HALAL NA INDIGENOUS PEOPLE MANDATORY REPRESENTATIVE SA MGA BARANGAY AT SA BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO**

**"SAPAGKAT,** noong Disyembre 22,2018 ay ginanap ang halalan para sa posisyon ng Indigenous Peoples Mandatory Representative (IPMR) para sa mga barangay at sa bayan ng Bulalacao sa paggabay ng NCIP at kung saan ito ay naging maayos at mapayapa na nagdulot ng makatotohanan at maaasahang resulta na tiyak na pakikinabangan ng mga Katutubong Pamayanan Kultural/Katutubong Pamayanan (KPK/KP) ng Bulalacao;

**"SAPAGKAT,** nakasaad din sa Kabanata IV, Seksyon 16 ng nasabing batas ang karapatang lumahok ng ganap, kung kanilang mamarapatin, sa lahat ng mga antas ng pagpapasya sa mga bagay na makaaapekto sa kanilang mga karapatan, buhay at kahihinatnan sa pamamagitan ng paraang sila mismo ang pipili. Titiyakin ng Estado na ang mga katutubo ay mabigyan ng kinatawan sa mga pangkat na gumagawa ng pasya at iba pang lokal na konsehong lehislatibo;

**"SAPAGKAT,** itinatadhana sa Kabanata IV, Seksyon 13 ng Batas ng Republika Blg. 8371 (Indigenous Peoples Rights Act of 1997 o IPRA) kinikilala ng Estado ang likas na karapatan ng mga KPK/KP sa sariling pamamahala at sariling pagpapasya at iginagalang ang kanilang mga kaugalian, gawi at linangan/institusyon. Sa gayon, ay titiyakin ng Estado ang karapatan ng KPK/KP na malayang itaguyod ang kanilang kabuhayan, panlipunan at pangkulturang pag-unlad;

Scanned with CamScanner

"**SAPAGKAT,** ang mga bagong halal na IPMR sa mga barangay – Benli, Balatasan, Nasucob, San Juan at San Roque, at sa bayan ng Bulalacao ay pinaniniwalaang magiging kaagapay ng Lokal na Pamahalaan ng Bayan ng Bulalacao sa pagbibigay ng tapat at mahusay na serbisyo upang makamit ang tunay na layunin para sa kagalingan ng bawat KPK/KP; **KUNG KAYAT DAHIL DITO . . .**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng pagbati at suporta sa mga bagong halal na Indigenous Peoples Mandatory Representative sa mga barangay at sa bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro;

**SA MUNGKAHI** ni SB Member Dexter R. Gonzales na pinangalawahan nina SB Member Edezer F. Aceron at SB Member German S. Acosta, ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY**": Enero 4,2019, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x-------------------------------------------------------------------------x

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**KGG. DENNES M. FANER**
SB Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
SB Member

**KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.**
SB Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
SB Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
SB Member

**KGG. TERESITA S. BANTUGAN**
SB Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. TULAY M. CARING**
IP's Mandatory Representative

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**BERNADETTE M. SAPUNGAN**
Pansamantalang Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: Jan. 22, 2019

190107/bms

Scanned with CamScanner